

Ang iyong listahan ng gagawin sa panahon ng sakuna



Consumer Financial
Protection Bureau



FEMA



Ready®

Maging handa: Protektahan ang iyong mga personal na pananalapi

Kung kailangan mong lisanin ang iyong tahanan sa isang emerhensiya, mayroon ka lamang ilang minuto para magpasya kung alin ang iiwan at kung alin ang dadalhin, at ang iyong mga rekord sa pananalapi ay maaaring isa sa mga pinakahuling bagay sa iyong isipan.

Ang pangongolekta, pagkopya, at pag-iimbak ng iyong pampinansyal na impormasyon ngayon ay maaaring makatulong sa iyong maiwasan ang mga suliranin at mabilis na makabangon pagkatapos ng sakuna. Ang listahan ng mga gagawing ito ay maaaring makatulong. Gamitin ito upang masigurong mayroon kang impormasyon at mga dokumentong kailangan mo. Pagkatapos, itago ito kasama ang iyong mahahalagang dokumento upang mapagsanggunian mo kapag kailangan.

Mga account number

Gamitin ang halimbawang talahanayan sa kanan, o isang hiwalay na piraso ng papel, upang ayusin ang iyong mga account at numero ng customer service.

Mga personal na rekord

Gumawa at magtabi ng mga kopya ng:

- Mga lisensya sa pagmamaneho
- Mga pasaporte
- Mga Social Security card
- Mga birth certificate
- Mga dokumento sa kasal at diborsyo
- Mga titulo o ligal na dokumento para sa tirahan
- Mga rehistrasyon at titulo para sa sasakyan, bangka, o RV
- Imbentaryo ng mga pag-aari sa bawat silid sa tirahan

Mga rekord na pampinansyal

Karamihan sa mga rekord na pampinansyal ay maaaring mapalitan, ngunit kailangan mo ang iyong impormasyon ng insurance kung nasira ang iyong ari-arian, o kung ikaw o ang iyong pamilya ay nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Ang pagpapanatiling ligtas sa mga rekord ay nakakatulong din sa iyong maiwasan ang suliranin kung sa kalaunan ay may mga katanungan tungkol sa iyong mga investment, buwis, o mga benepisyo sa trabaho.

Gumawa at magtabi ng mga kopya ng:

- Mga insurance policy
- Mga rekord ng investment
- Impormasyon sa income tax
- Mga resibo ng sweldo at mga rekord ng employer sa mga benepisyo
- Mga will (testamento ng mga ninanais pagkayumao), living will (testamento ng mga ninanais na pang-medikal kapag hindi makakapagpasya habang nabubuhay), mga pampinansyal at medikal na power of attorney (kapangyarihan na mangatawan ang iba)

Mga file sa computer

Kung nagtatabi ka ng mga rekord na pampinansyal, password, litrato ng pamilya, at video sa iyong computer, isaalang-alang ang pag-back up ng impormasyon sa isang ligtas na serbisyo ng cloud storage, o regular na pag-back ng iyong data at pagpapanatili ng mga back up kung saanman ligtas.

Panatiliing ligtas ang mahahalagang dokumento at laging gumawa ng mga kopya.

Siguraduhing ligtas at gumawa ng kopya ng iyong mahahalagang papeles. Itabi ang mga orihinal na dokumento sa isang lalagyang hindi papasukan ng tubig, hindi masusunog, o sa safe deposit box ng bangko. Kung itatabi mo ang iyong mga dokumento sa bahay, siguraduhing makukuha mo ito kapag nagmamadali sa pag-alis.

Itabi ang iyong mga kopya sa ibang lugar – sa isang ligtas na lugar sa trabaho o sa isang pinagkakatiwalaang kamag-anak o kaibigan.

Mga utang at credit card	Account number	Numero ng customer service
Mortgage		
Utang pang-home-equity		
Utang pangsasakyan		
Credit card		
Utang pampag-aaral		
Iba pa:		

Tahanan at mga utilidad	Account number	Numero ng customer service
Renta		
Cable at satellite		
Tubig		
Kuryente		
Telepono		
Iba pa:		

Iba pang mga account at insurance	Account number	Numero ng customer service
Insurance para sa mga may-ari ng tirahan o nangungupahan		
Insurance para sa sasakyan		
Insurance pangmedikal		
Checking account		
Savings account		
Investment account		
Iba pa:		

Kung may access ka sa isang computer, maaari mong i-scan ang iyong mga dokumento at pagkatapos ay ilagay ang mga ito sa isang flash drive o i-store ang impormasyon sa isang ligtas na online storage website.

Imbentaryo ng iyong mga pag-aari

Ang isang nakasulat na imbentaryo ng iyong mga pag-aari, na may suporta ng isang video ng bawat silid sa iyong tahanan, ay makakatulong na mapatunayan kung ano ang nawala sa iyo at kung ano ang nasira.

Pagkatapos ng sakuna

Kung nasalanta ng sakuna ang iyong tahanan, makipag-ugnay sa kumpanya ng iyong credit card, sa lender ng iyong mortgage, at iba pang mga creditor sa lalong madaling panahon upang ipaalam sa kanila ang iyong sitwasyon. Karamihan sa mga ito ay may mga paraan para makatulong.

Kung hindi ka maaaring manirahan sa iyong tahanan, ipaalam sa mga kumpanya ng iyong utilidad (hal. kuryente, gas, cable) para malaman kung maaari mong ipahinto ang serbisyo para makadagdag ng ekstrang pera sa iyong badyet.

Maraming tao at grupo ang maghahandog ng tulong. Maaari ring magpakita ang mga kriminal na sumusunod sa sakuna at subukang linlangin ka.

Mag-ingat sa:

- Mga singil na dapat bayaran nang nauuna para makatulong sa iyong makakuha ng mga serbisyo, benepisyo, o makakuha ng mga utang. Hindi kailanman naniningil ang mga empleyado ng gobyerno para tulong kang makakuha ng benepisyo o serbisyo.
- Mga kontratistang kumakatok sa mga pinto para magbenta ng mga serbisyo sa pagkukumpuni, lalo na kung nag-aalok sila ng malalaking diskwento o humihiling sa iyong bayaran sila nang nauuna.
- Mga ahente ng insurance na sinusubukang bentahan ka ng mga polisa pagkalipas ng pangyayari
- Mga organisasyong may pangalang kahawig ng sa mga ahensya ng gobyerno o pangkawang-gawa

Tungkol sa amin

Pinangangasiwaan ng Consumer Financial Protection Bureau (Kawanihan sa Proteksyong Pampananalapi ng Mamimili) ang paghahandog at pagbibigay ng mga produkto at serbisyong pampananalapi sa ilalim ng mga pederal na batas pampananalapi ng mamimili, at tinuturuan at nagbibigay ng kapangyarihan sa mga mamimili upang makapasya nang may-kabatirang sa pananalapi

Alamin amg higit pa sa consumerfinance.gov

Makipag-ugnay sa amin

! Magsumite ng reklamo
consumerfinance.gov/complaint

🎤 Ilahad ang iyong istorya
consumerfinance.gov/your-story

🔍 Makakuha ng mga sagot sa mga katanungan sa pera
consumerfinance.gov/askcfpb

💬 Ibahagi ang iyong mga saloobin
facebook.com/cfpb
twitter.com/cfpb

Misyon ng Federal Emergency Management Agency (Pederal na Ahensyang Namamahala sa Emerhensiya) ang tulongan ang mga tao bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng mga sakuna. Ang Ready Campaign (Kampanya sa Paghahanda) ay idinisenyo upang turuan at bigyan-kapangyarihan ang mga Amerikano para maghanda para sa, tumugon sa at mapahupa ang mga emerhensiya, kabilang ang mga natural na sakuna at mga sakunang dulot ng tao.

Alamin amg higit pa sa ready.gov/financial-preparedness